**Journal of Multidisciplinary in Education | ISSN: 3082-5237**
**AARRC CONSCRIPTOR PUBLISHING CORP |** Volume 1 | APRIL 2025

**LEADING PRACTICES IN EDUCATION: COMPENDUIM OF RESEARCH ON STRATEGIES INTERVENTION AND EDUCATOR WELL-BEING**

# Bisa ng E-Dialekto Bilang Kagamitang Panturo sa Asignaturang Panimulang Lingguwistik

**Villegas, Nicolene Mae L.**

*Nicolenevillegas@gmail.com*

***Abstract –*** This study aims to demonstrate the effectiveness of E-Dialekto as a teaching tool for the subject Panimulang Linggwistika. The study employed an experimental research design involving thirty-two (32) students enrolled in Panimulang Linggwistika. The researcher developed a web application that features translated words in the Maguindanaoan, Bicolano, Tagalog, and Pangasinense dialects. The researcher collected, organized, and validated these translations.

Data were gathered using a questionnaire and analyzed through appropriate statistical methods. Results indicated that the effectiveness of E-Dialekto—measured in terms of knowledge provision, student-teacher interaction via the web app, and student interest—received an overall interpretation of "Strongly Agree." Additionally, the post-test mean scores were notably higher than the pre-test results. The computed t-value exceeded the critical t-value, indicating a statistically significant difference, despite the negative sign of the computed value.

Based on these findings, the study concludes that E-Dialekto is an effective teaching tool in Panimulang Linggwistika, as evidenced by the statistically significant improvements in knowledge provision, interaction, interest, and test performance.
***Keywords –*** *E-Dialect, Web Apps, Panimulang Linggwistik*

## INTRODUCTION

Kasabay ng pag-agos ng panahon ay ang pag-usbong ng makabagong teknolohiya, na nagbibigay at patuloy na umaalalay sa bawat mag-aaral o/at mga tao sa institusyong pang-akademiko upang mas hubugin pa ang bawat kaisipan nang sa gayon ay maimulat pa ang bawat isa sa iba't ibang kaalaman partikular sa mga dialekto na mayroon sa ating bansa.

Gaya ng isang pasaporte, ang wika ay nagsisilbing identidad ng mga tao sa isang bansa. Ito ang nagsisilbing tulay sa maayos at mahusay na pakikipagtalastasan sa pamayanan, tahanan at maging sa paaralan. Ngunit bago mabuo ang wika kasama nito ang sangay ng mga dialekto sa isang bansa, ilan sa mga ito ay ang Wikang Tagalog na naging batayan ng pagkabuo ng wikang Pambansa. ang Bikolano at Pangasinense ang ilan lamang din sa mayayamang dialekto ng ating bansa. Dahil sa proyekto ng pagsasalin ng LEDCO (Language Education Council of the Philippines) at SLATE (Secondary Language Teacher Education) ng DECS at PNU noong 1987, naisalin sa mga dayalekto ang mga katutubong panitikan na sa paglipas ng panahon nagkaroon rin sa iba't ibang salin

sa iba pang dayalekto tulad ng Tagalog-Bikolano, Tagalog-Maguindanaoan, Tagalog-Pangansinense at iba pa.

Sa pag-unlad ng bansa bunsod ng modernalisasyo nagkaroon ng dagsa-dagsang web ng mga impormasyon. Bagama't mayroon nang translasyon sa mga ito, hindi pa rin malawak ang sakop nito sa mundo ng midya. Nasa punto pa rin ng kuryosidad,dahil kakaunti pa lamang ang mga salitang naisalin sa ingles at sa mga iba pang dayalekto. Kung kaya't walang masyadong pagkukuhanan ng impormasyon. Maging sa iba't ibang midya, kapansin-pansin na malawak ang nasasakop ng caption o post na minsa'y nagreresulta sa maling kaisipan o pagkakaunawa sa isang teksto dahil sa paraan ng pagsasalin nito.

Dahil sa mga isyung ito, susubukin ng pag-aaral na ito ang bisa ng E-Dialekto bilang kagamitang panturo sa asignaturang pangwika.

Ang E-Dialekto ay isang web app na naglalayong mapapalawak ng kaalaman patungkol sa iba't ibang dialekto na laganap sa ating bansa. Ito ay naglalayong makapagbigay ng impormasyon para sa maayos na komunikasyon at mahusay na pagkatuto sa pag-aaral ng wika dahil sa kolaborasyon ng teknolohiya.

Sinasabi nga ni Bachao (2015), at isinaad ni Mapula na ang wika ay susi ng puso at diwa, tuluyan ng tao, at ugnayan ng bansa. Ibig lamang sabihin na ang wika ang nagsisilbing tulay ng bawat isa. Kaya dapat ito mabigyan ng pansin.

Ayon pa kay Nicole Pose (2017), ang teknolohiya ay may malaking epekto sa aspekto ng kaalaman at ng edukasyon. Malinaw ang mga araling naipapakita kaya tumataas ang interes at napupukaw ang kanilang atensyon, na nanangahulugan na nagkakaroon ng ugnayan ang paggamit ng teknolohiya upang mas maging kawili-wili, kapanapanabik ang isang talakayan. Sa pagkakataon na ito, bilang isang magiging guro sa hinaharap, kinakailangan ng isang guro na makisabay at maging bukas ang isip sa pagbabago, gumamit o lumikha ng ibang estratehiya upang mas matamo ng mga mag-aaral ang pagkatuto.

Kung kaya't sa pag-aaral na ito ay malaki ang magiging gampanin ng Elektronikong Translasyon ng mga Dialekto sa pagkatuto ng asignaturang Panimulang Linggwistika ng mga nagpapakadalubhasa sa Filipino.

## OBJECTIVES OF THE STUDY

Layunin ng pag-aaral na ito na maipakita ang bisa ng E-Dialekto bilang kagamitang Panturo sa asignaturang Panimulang Linggwistika sa Laguna State Polythecnic University Taong Panuruan 2020-2021. Sa

pag-aaral na ito nasagot ng pagaaral ang mga sumusunod na katanungan;

1. Ano ang kabisaan ng E-Dialekto bilang kagamitang panturo sa Panimulang Linggwistika batay sa:
   1.1 Probisyong Kaalaman;
   1.2 Interaksyon ng Mag-aaral at Guro sa Web App; at
   1.3.Interes?
2. Ano ang pagkakaiba sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral batay sa:
   2.1 Pauna; at
   2.2 Panapos na pagsusulit?
3. May makabuluhan bang pagkakaiba ang resulta ng pauna at panapos na pagsusulit ng mga mag-aaral?
4. May makabuluhan bang bisa ang paggamit ng E-Dialekto bilang kagamitang panturo batay sa resulta ng panapos na pagsusulit ng mga mag-aaral?.

**METHODOLOGY**

Sa paghahangad na tuklasin ng mananaliksik ang mabisang paraan ng pagtuturo sa mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa kursong Pang-Edukasyon Medyor Sa Filipino sa Laguna State Polytechnic University gumamit ang mananaliksik ng experimental na pananaliksik, upang matukoy ang bisa ng paggamit ng E-Dialekto Web Apps bilang kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Panimulang Linggwistika. Ito ay kinabibilangan ng dalawang panukat: pauna at panapos na pagsusulit na dinisenyo.

Ang mga napiling tagatugon sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral na kumukuha ng asignatura sa Panimulang Linggwistika dahil sila ay mayroong paksa patungkol sa mga dialekto sa nasabing semestre. Sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito, ang mananaliksik ay pumili ng tatlumpu't dalawa (32) na mag-aaral ng Batsilyer ng Edukasyong Pansekondarya na nagpapakadalubhasa sa Medyor ng Filipino sa Laguna State Polytechnic University Santa Cruz Main Campus Panuruang Taon 2020-2021.

Ang mananaliksik ay gumamit ng paraang descriptive sampling sa pagpili ng kalahok. Ito ay isang anyo ng non-probability sampling kung saan hindi lahat ng populasyon ay may pagkakataon makasali sa sarbey. Iniayon ang mga kalahok sa mga estudyanteng kumukuha ng kursong Pang-Edukasyon na nagpapadalubhasa sa medyor ng Filipino, sapagkat ang kurso nila ay may paksa patungkol sa

mga dialekto at may asignaturang panimulang linggwistika.

Isinaalang-alang din ng mananaliksik na pangalagaan at protektahan ang mabuting kapakanan ng mga tagasagot na mag-aaral. Walang anumang pang-aabusong naganap na gamitin ang sariling interes at ang awtoridad ng mga gurong pumatnubay sa mga mag-aaral na tagasagot upang gamitin sa ibang bagay ang pag-aaral na ito.

## RESULTS AND DISCUSSION

Sa resulta ng pag-aaral ipinapakita sa Talahanayan 1 na ang mga pahayag na nakakuha ng pinakamataas na marka (M=4.84, SD= 0.37) ay ang mga pahayag na, " Nakaalam at/o nakasasalin ng salita mula sa ibang dayalekto" at "Napauunlad ang kasanayan ng mag-aaral sa pag-alam ng ibang dayalekto" at may interprestayon na, " Lubos na Sumasang-ayon". Sinundan ito ng mga pahayag na, "Nakasusuri ng mabilis at mahusay ng isang salita/pahayag sa dalawa o higit pang dayalekto sa asignaturang panimulang lingguwistika", "Nakapaglalahad ng maayos at malinaw na salita/pahayag sa bawat salin na dayalekto", at "Naisasalin ng mainam ang isang salita sa ibang dayalekto" na may markang (M=4.75, SD=0.44) at may interpretasyon na " Lubhang sumasang-ayon".

**Talahanayan 1**. **Kabisaan ng E-Dialekto bilang kagamitang panturo sa Panimulang Linggwistika batay sa Probisyong Kaalaman**

| MGA PAHAYAG | MEAN | SD | PAGLALARAWAN |
|---|---|---|---|
| 1. Nakaalam at/o nakasasalin ng salita mula sa ibang dayalekto. | 4.84 | 0.37 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. Nakasusuri ng mabilis at mahusay ng isang salita/pahayag sa dalawa o higit pang dayalekto sa asignaturang panimulang lingguwistika. | 4.75 | 0.44 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3. Nakapaglalahad ng maayos at malinaw na salita/pahayag sa bawat salin na dayalekto. | 4.75 | 0.44 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 4. Napauunlad ang kasanayan ng mag-aaral sa pag alam ng ibang dayalekto. | 4.84 | 0.37 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 5. Naisasalin ng mainam ang isang salita sa ibang dayalekto. | 4.75 | 0.44 | Lubos na Sumasang-ayon |

**Kabuuang Mean = 4.79**
**Standard Deviation = 0.41**
**Pakahulugan = Lubos na Sumasang-ayon**

Sinang-ayunan ito ng pahayag nina Hao at Cronin (2017),na sinasabi na ang makabuluhang tagumpay ng pagsasaliksik sa bokabularyong pagtuturo at pag-aaral ay ang pagtaas ng katumpakan ng estadistika hinggil sa mga salitang dalas na ginagamit. Gayundin sinaad ni Cronin (2013) ito ay nagsasaad na ang anumang uri ng pandaigdigang pakikipag-ugnayan ay hindi maaaring mangyari nang walang mga interlingual na gawain at sa gayon ang globalization ay nagpapahiwatig ng pagsasalin, subalit marami sa atin ay hindi kaya o ayaw madaig ang kaugnay na wika, samakatuwid ay dapat umasa sa pagsasalin ng iba na higit pa sa ating sariling impormasyon.

**Talahanayan 2. Kabisaan ng E-Dialekto bilang kagamitang panturo sa Panimulang Linggwistika batay sa Interaksyon ng Mag-aaral at Guro**

| MGA PAHAYAG | MEAN | SD | PAGLALARAWAN |
|---|---|---|---|
| 1. Hinahayaan ng guro ang bawat mag-aaral na makapagpahayag ng saloobin o ideya sa sarili niyang paraan. | 4.84 | 0.37 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. Madaling nauunawaan ng mga mag-aaral ang leksyon sa panimulang lingguwistika gamit ang E-Dialekto Web App. | 4.81 | 0.40 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3. Madalas magbigay o magsalita ang guro ng mga salita na ginagamitan ng Web App. | 4.44 | 0.67 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 4. Binibigyan ng pagkakataon ng guro ang bawat mag-aaral na makasagot at makapagsalita gamit ang E-Dialekto Web App sa kanilang mga puna sa ginagawang pagsusuri ng salita/pahayag. | 4.81 | 0.47 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 5. Iniaangkop ng guro ang kanyang kaalaman sa makabagong kagamitang panturo. | 4.81 | 0.40 | Lubos na Sumasang-ayon |

**Kabuuang Mean = 4.74**
**Standard Deviation = 0.49**
**Pakahulugan = Lubos na Sumasang-ayon**

Batay sa talahayan 2, makikita ang pahayag na, "Hinahayaan ng guro ang bawat mag-aaral na makapagpahayag ng saloobin o ideya sa sarili niyang paraan" ay may pinakamataas na marka (M=4.84, SD=0.37) at may interpretasyon na "Lubos na Sumasang-ayon".

Sinundan ito ng mga pahayag na "Madaling nauunawaan ng mga mag-aaral ang leksyon sa panimulang lingguwistika gamit ang E-Dialekto Web App", "Binibigyan ng pagkakataon ng guro ang bawat mag-aaral na makasagot at makapagsalita gamit ang E-Dialekto Web App sa kanilang mga puna sa ginagawang pagsusuri ng salita/pahayag", at "Iniaangkop ng guro ang kanyang kaalaman sa makabagong kagamitang panturo" na may mean na 4.81 at SD na 0.40, 0.47 at 0.40 at may interpretastyon na "Lubos na Sumasang-ayon".

Mula sa limang pahayag, ang nakakuha ng pinakamababang marka ay ang, "Madalas magbigay o magsalita ang guro ng mga salita na ginagamitan ng Web App" na may mean na 4.74 at standard deviation na 0.67 at may interpresyon na, "Lubos na Sumasang-ayon."

Ang kabisaan ng E-Dialekto bilang kagamitang panturo sa Panimulang Linggwistika batay sa interaksyon ng mag-aaral at may kabuuang mean na 4.74 at standard deviation na 0.49 at interpretasyon na "Lubos na Sumasang-ayon."

Sinang-ayunan ito ng pahayag ni Wahlstorm (2011), na responsibilidad ng mga guro ang pagkatuto ng isang mag-aaral at tungkulin din ng isang guro na tulungan ang mga mag-aaral na makamit ang mas mataas na antas ng pagkatuto.

Patunay ito na malaki ang nagiging gampanin ng guro sa pagkatuto ng mag-aaral, hindi lamang isang *translation app* ang E-Dialekto Web App bagkus maari siyang maging batayan ng pagkatuto at interkasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral.

**Talahanayan 3. Kabisaan ng E-Dialekto bilang kagamitang panturo sa Panimulang Linggwistika batay sa Interest ng Mag-aaral**

| MGA PAHAYAG | MEAN | SD | PAGLALARAWAN |
|---|---|---|---|
| 1. Nauunawaan ng mga mag-aaral ang leksyon sa panimulang lingguwistika gamit ang E-Dialekto Web App. | 4.81 | 0.40 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. Napagagaan ang pagkatuto sa paggamit ng E-Dialekto Web App kaysa sa tradisyunal na paghahanap ng mga salita sa ibang dayalekto (i.e interbyu at aklat). | 4.78 | 0.42 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3. Nakatutulong at napagagaan ang talakayan ng guro at mag-aaral ang E-Dialekto Web App. | 4.88 | 0.34 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 4. Nasisiyahan sa paggamit ng E-Dialekto Web App. | 4.84 | 0.37 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 5. Magagamit ang E-Dialekto Web App sa iba pang asignatura. | 4.78 | 0.49 | Lubos na Sumasang-ayon |

**Kabuuang Mean = 4.82**

**Standard Deviation = 0.40**

**Pakahulugan = Lubos na sumasang-ayon**

Makikita sa Talahanayan 3 na ang pahayag na may pinakamataas na marka ay ang, “Nakatutulong at napagagaan ang talakayan ng guro at mag-aaral ang E-Dialekto Web App” na may mean na 4.88 at SD na 0.34 at may interpretasyon na "Lubos na Sumasang-ayon". Sinundan naman ito ng pahayag na, “Nasisiyahan sa paggamit ng E-Dialekto Web App” na may mean na 4.84 at SD na 0.37 at may interpretasyon na Lubos na Sumasang-ayon.

Samantala, mula sa limang pahayag ang mga nakakuha ng pinakamababang marka ay ang “Napagagaan ang pagkatuto sa paggamit ng E-Dialekto Web App kaysa sa tradisyunal na paghahanap ng mga salita sa ibang dayalekto (i.e interbyu at aklat)” at “Magagamit ang E-Dialekto Web App sa iba pang asignatura” na may mean na 4.78 at standard deviation na 0.42 at 0.49 na may interpretasyon na "Lubos na Sumasang-ayon".

Ang kabisaan ng E-Dialekto bilang kagamitang panturo sa Panimulang Linggwistika batay sa Interes ng mag-aaral ay may pangkalahatang mean na 4.82 at standard deviation na 0.40 na may pangkalahatang interpretasyon na "Lubos na Sumasang-ayon."

Sinang-ayunan ito ng pahayag ni Cox (2014), binanggit niya ang impormasyon ng media at teknolohiya ang pangunahing pangangailangan ng edukasyon. Sa katunayan ginagamit ang teknolohiya ng iba’t ibang sektor ng lipunan, nabibigyan pokus nito ang layunin na iangat ang edukasyon sa pamamagitan ng pagsasama ng teknolohiya at edukasyon. Gayundin batay sa pahayag ni Limjuco-Caasi (2016), ang interes ay ang pagiging aktibo ng isang mag-aaral habang nag-aaral. Kilala rin ito bilang pakikilahok ng mga mag-aaral sa talakayan at aktibidad sa klase. Naiuugnay ang kanilang mga natututunan mula sa paksa na pinag-aaralan. Ito rin ay ang paggunita ng mga pangunahing ideya at pagtugon sa mga bagay na mas mahirap unawain. Samakatuwid nakatutulong ang pagkakaroon ng iba’t ibang stratehiya at kagamitan sa pagkatuto upang mas mapukaw ang interest ng mag-aaral sa pagtamo ng pagkatuto, nagiging kasangkapan din ito upang mas lumawak ang kanyang pag-iisip ng kritikal dahil nakapagbabahagi siya ng kaalaman.

Patunay ito na sa pamamagitan ng mga kagamitang panturo na may kaugnayan sa teknolohiya ay mas mabilis at aksesibol ang pagtamo ng pagkatuto, na isa sa pinakang layunin ng E-Dialekto Web App.

**Antas ng Kaalaman sa Pagsasaling wika**
**Talahanayan 4. Antas ng kaalaman ng mga mag-aaral batay sa Paunang Pagsusulit**

| PUNTOS | FREQUENCY | PERCENTAGE | MAPAGLARAWAN TUMBAS |
|---|---|---|---|
| 49-60 | 0 | 0 | Katangi-tangi |
| 37-48 | 0 | 0 | Lubhang kasiya-siy |
| 25-36 | 0 | 0 | Kasiya-siya |
| 13-24 | 0 | 0 | Katamtaman |
| 0-12 | 32 | 100.00 | Di kasiya-siya |
| Total | 32 | 100.00 | |
| **Average Mean = 1.88 SD = 1.385** | | | **Di kasiya-siya** |

Ipinahahayag sa Talahanayan 4, ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral batay sa paunang pagsusulit. Ang kabuuang bilang ng mga tagatugon ay 32 at lahat sila ay nakakuha ng markang 0-12 na may intepretasyon na "Di Kasiya-siya".

Ang kabuuang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral batay sa paunang pagsusulit ay 1.88 at standard deviation na 1.385 at may interpretaston na "Di kasiya-siya".

Sang-ayon sa pahayag ni Tinio na walang matitinong aklat na magagamit sa edukasyon kung ipatutupad sa mga paaralan ang paggamit ng Filipino bilang wikang panturo. Dahil nga may kakulangan, malinaw para kay Tinio na isang malaking pangangailangan ang pagsasalin para sa mahusay na pagpapatupad ng patakarang bilingguwal ng edukasyon sa Filipinas.

Kinakitaan ang kakulagan sa kagamitang panturo na may kaugnayan sa pagsasalin na dapat ay pag-ukulan ng pansin dahil malaki ang gampanin nito sa karagdagang kaalaman at karunugan sa mga dialektong mayroon sa pilipinas partikular sa dialektong tagalog, pangansinense, magindanaoan at bikolano.

**Talahanayan 5. Antas ng Kaalaman ng mga mag-aaral batay sa Panapos na Pagsusulit.**

| PUNTOS | FREQUENCY | PERCENTAGE | MAPAGLARAWANG TUMBAS |
|---|---|---|---|
| 49-60 | 29 | 90.62 | Katangi-tangi |
| 37-48 | 3 | 9.38 | Lubhang kasiya-siya |
| 25-36 | 0 | 0 | Kasiya-siya |
| 13-24 | 0 | 0 | Katamtaman |
| 0-12 | 0 | 0 | Di kasiya-siya |
| Total | 32 | 100.00 | |
| **Average Mean = 57.59 SD = 4.16** | | | **Outstanding** |

Sa Talahanayan 5 pinapakita ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral batay sa panapos na pagsusulit. Mula sa 32 tagatugon, tatlo (3) o 9.38 % sa kanila ang nakakuha ng marka na nasa ilalim ng 37-48 at may intepretasyon na "Lubhang kasiya-siya ". Sa kabilang banda, ang nalalabing dalawpu't siyam (29) na tagatugon ay nakakuha ng markang nasa pagitan ng 46-60 at may interpretasyon na "Katangi-tangi" at kabuuang bahagdan na 90.62.

Ang pangkalahatang mean ng antas ng kaalaman ng mga mag-aaral batay sa panapos na pagsusulit ay 57. 59 at standard deviation na 4.16 na may interpretasyon na "Katangi-tangi".

Sang-ayon sa pahayag ni Demirezen (2010) Ang language learning ay tumatalakay sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral na makasabay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa larangan ng wika at komunikasyong dulot ng makabagong teknolohiya.

Kinakikitaan na malaki ang naging pagbabago sa resulta ng paunang pagsusulit at panapos na pagsusulit, tunay na mabilis ang pagtamo ng pagkatuto kung may tulong ng teknolohiya.

**Talahanayan 6. Antas ng Kaalaman ng mga mag-aaral batay sa resulta ng Paunang Pagsusulit at Panapos na Pagsusulit**

| TEST | MEAN | MEAN DIFFERENCE | COMPUTED T-VALUE | CRITICAL T-VALUE | MAPAGLARAWANG TUMBAS |
|---|---|---|---|---|---|
| Pre-Test | 51.56 | 46.43 | -74.128 | 2.04 | Makabuluhan |
| Post Test | 97.99 | | | | |

Ipinapakita sa talahanayan na ang pangkalahatang mean ng post-test ay mas malaki ng 46.43 kaysa sa resulta ng pre-test na may mean na 51.56 . Naipakita rin na ang *t-value* na -74.128 ay mas mataas sa kritikal na *t-value* na 2.04, kahit na negatibo ang nakompyut na halaga masasabi na ang resuta ay **"**makabuluhan**"**. Nagbibigay patunay ang isinaad ng PSI Research Division, Rwanda (2010), ang pagpapasya na magpatuloy sa pag-aaral ng data ng pre-test at post-test, ang pagsubok dapat suriin sa mga tuntunin ng nilalaman, disenyo, at pagsasalin. Gayundin ang pahayag ni Mestre (2012), ang pre-test at post-test na may pagkakatulad sa tseklist na susukat sa pangngailangan ng mga mag-aaral bago ang pagtuturo at pagkatapos ay susuriin kung paano makikita ang pangangailangan ng mag-aaral.

Base sa pag-aanalisa ng mga datos, ang pagpapakahulugan ng resulta ay ***significant o makabuluhan***. Naglalahad lamang ito na ang E-Dialekto bilang Kagamitang Panturo sa Pagtuturo ng Panimulang Lingguwistika ay nangangahulugan lamang na mabisa batay sa markang nakuha ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 7. Bisa ng E-Dialekto bilang Kagamitang Panturo batay sa resulta ng Panapos na Pagsusulit ng mga mag-aaral.**

| Kabisaan ng E-Dialekto | Pagsusulit | F-value | p-value | Verbal Interpretation |
|---|---|---|---|---|
| Probisyong Kaalaman | Panapos na Pagsusulit | 18.913 | 0.000 | Makabuluhan |
| Interaksyon ng Mag-aaral at Guro | | 6.481 | 0.016 | Makabuluhan |
| Interes | | 17.399 | 0.000 | Makabuluhan |

Batay sa talahanayan 9, masasabing may makabuluhang bisa ng E-Dialekto bilang kagamitang panturo batay sa resulta ng

panapos na pagsusulit ng mga mag-aaral. Ang bisa ng E-Dialekto bilang kagamitang panturo sa asignaturang panimulang linggwistika na may pagsasaalang-alang sa Probisyong Kaalaman (F-Value= 18.913, P-Value= 0.000); Interaksyon ng Mag-aaral at Guro (F-Value= 6.481, P-Value= 0.016); at Interest (F-Value= 17.399, P-Value= 0.000) ay mabibigyang interpretasyon na "makabuluhan".

## CONCLUSION AND RECOMMENDATION

Sa mga natuklasan, batay sa mga nakalap na datos at impormasyon ng mananaliksik ang mga kongklusyon ay nabuo: Ang kabisaan ng E-Dialekto bilang kagamitang panturo sa Panimulang Linggwistika batay sa probisyong kaalaman interaksyon ng mag-aaral at guro sa web app at interes ay magkakatulad na nakakuha ng punang lubos na sumasang-ayon na may literal na paliwanag na lubhang mataas. Ang pagkakaiba sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral batay sa pauna at panapos na pagsusulit ay may punang ganap na hindi mahusay na may literal na paliwanag na di kasiya-siya para sa paunang pagsusulit at sa panapos na pagsusulit nama'y may punang napakamahusay na may literal na paliwanag na katangi-tangi. Kaya masasabi na may makabuluhan kaugnayan ang paggamit ng E-Dialekto bilang kagamitang panturo batay sa resulta ng panapos na pagsusulit ng mga mag-aaral.

Batay sa nakuhang resulta, masasabing mabisa ang paggamit ng E-Dialekto Web App bilang kagamitang panturo sa asignaturang Panimulang Lingwistika batay sa resulta ng pauna at panapos na pagsusulit.

Sa pamamagitan ng mga natuklasan ang mananaliksik ay bumuo ng mga rekomendasyon para sa pananaliksik na ito.
Sa mga namumuno sa paaralan ay maaaring bigyang-suporta ang paggamit ng makabagong pamamaraan sa pagtuturo ng guro, partikular sa asignaturang pangwika na tumatalakay sa mayamang mga dialektong mayroon sa pilipinas upang sa gayo'y mapadali ang bawat talakayan sa klase at magsilbing kalamangan sa iba pang paaralan na ang mga mag-aaral ay mas magkakaroon ng pag-unawa sa mga salita na gagamitin.

Sa mga guro ng Filipino ay hinihimok na huwag maging kontento sa paraang ginagamit sa pagtuturo. Maging inobatibo sa pagpili ng gagamiting materyal upang sa gayon maging madali, interkatibo, kolaboratibo at aktibo ang mga mag-aaral para sa mas malalim na pag-unawa sa araling pangwika.

Sa mga mag-aaral at sa bawat isang mamamayang Filipino, ipinaaalala ng mananaliksik na paglaanan ng atensyon ang

iba't ibang dialekto lalo na ang mga gurong nagpapakadalubhsa sa wika. Laging maging uhaw sa iba't ibang kaalaman upang higit na mabigyan pansin ang pangangailangan sa komunikasyon at kulttura.

At panghuli para sa mga susunod na mananaliksik, hinihikayat na huwag huminto sa pagtuklas ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo lalo na sa paggamit ng teknolohiya. Ipagpatuloy ang pag-aaral na ito para sa pagtuklas pa ng marami at higit pang kaugnayan ng mga datos na maaaring ikakaunlad pa nang pananaliksik na ito.

.

## REFERENCES

Bachao, R. (2015, August 11). Filipino: Wika ng pambansang kaunlaran. https://raydenebachao.wordpress.com/2015/08/11/tema-filipino-wika-ng-pambansang-kaunlaran/

Cox, C. (2014). *21st century skills and principles of flow in the foreign language classroom* (Master's thesis, Brigham Young University-Provo). https://scholarsarchive.byu.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=5196&context=etd

Demirezen, M. (2010). *Language acquisition theories and practices*. Nobel Publishing.

Hao, Y. (2017). *An analysis of the translation of vocabulary lists in textbooks for teaching Chinese as a foreign language (TCFL).* [Note: URL missing or broken, please verify source]

Limjuco-Caasi, J. A. (2016). *Pagsusuri sa Epekto ng Multimedia sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Filipino. Di-publikadong Tesis*

Manuel, C. J. L. (2015). *Epektong dulot ng Wattpad sa pag-aaral ng panitikan, Panuruang Taon 2013–2014*.

Mestre, S. (2012). *Assessment of learning objects in designing effective library tutorials*

Nicole, P. (2017). *History of LMS*. Hinango mula sa https://www.easy-lms.com/

Wahlstrom, L. (2011). Hinango mula sa http://www.scrib.com/doc/11903374/Thesis-saFilipino.DocxLinguista.blogspot.com